

「子ども手当」の申請について

Tungkol sa Pag-aplay ng [Pinansyal na Tulong para sa mga Bata na Tinatawag na *Kodomo Teate*]

1 子ども手当は次のような場合に支給されます

1 *Ang kodomo teate ay binibigay sa mga sumusunod na mga kaso*

(1) 子ども手当制度とは？

2010年4月から、日本国内に住民登録をしている方、又は外国人登録をしている方で、支給対象となる子どもを自らの収入により育てている方に手当が支給されます。

ただし、在留資格が「短期滞在」「興行」の場合、又は在留資格の無い場合は支給対象外です。

(1) *Ano ang sistema ng kodomo teate?*

Mula Abril ng taong 2010, ang mga nakarehistrong taong naninirahan sa loob ng Japan, o mga dayuhang nakapagparehistro, na may mga anak na tinutugunan ng sistemang ito, na pinapalaki ng sariling kita, ay mabibigyan ng pinansyal na tulong na ito.

Ngunit, hindi maaaring makatanggap kapag ang visa ay [short-term stay] o [entertainer], o kapag walang visa.

(2) 支給対象となる子ども

0歳から日本の中学校修了までに相当する年齢の子ども（15歳になった最初の3月31日まで）が対象になります。

(2) *Ang mga batang tinutugunan ng sistema*

Ang mga batang ang gulang ay mula 0 hanggang sa gulang na makatapos ng junior high school (hanggang sa unang Marso 31 ng ang bata ay maging 15 taong gulang), ang mga batang tinutugunan ng sistemang ito.

(3) 手当の金額

子ども1人につき 月額 13,000円が支給されます。

日本国内に住んでいる子どもだけではなく、海外に住んでいる子どもも対象となりますが、この場合には、2-(3)に記した証明等が別に必要になります。

(3) *Ang halaga ng pinansyal na tulong na ibinibigay*

Binibigyan ng ¥13,000 buwan-buwan para sa bawat bata.

Hindi lamang sa batang nakatira sa loob ng Japan, binibigyan din para sa batang nakatira sa ibang bansa ngunit sa kasong ito, kailangan ang mga dokumentong makakapagpatunay na nakasulat sa 2-(3).

(4) 支給時期及び方法

毎年、年3回に分けて（6月、10月、2月）、前月までの4か月分の手当てがまとめて、子どもを養育している方名義の口座に振り込まれます。

2010年の6月の支給については、4月から制度が始まったため、4月と5月分の2か月分になります。

(4) Ang panahon at ang paraan ng pagbibigay

Ihuhulog sa banko ng taong nagpapalaki sa bata ang 4 na buwang halaga ng 3 beses sa loob ng isang taon (tuwing Hunyo, Oktubre at Pebrero).

Ang hulog sa Hunyo, 2010 ay 2 buwang halaga lamang na para sa buwan ng Abril at Mayo dahil nagumpisa lamang ang sistemang ito noong Abril.

2 子ども手当の支給を受けたい方は、申請が必要です**2 Kailangan mag-aplay ang nais makatanggap ng *kodomo teate***

(1) 子ども手当の支給を受けるためには、申請が必要です。手当を受けたい方は「子ども手当認定請求書」に必要なことを記入して市区町村の申請窓口申請してください。市区町村が申請内容を確認し、認定した場合に手当が支給されます。

A 「子ども手当認定請求書」は、4の申請窓口で用紙が置いてあります。

B 「子ども手当認定請求書」は、郵送いたします。届かない場合は、4の申請窓口で用紙が置いてあります。

(但し、2010年3月31日現在、児童手当を支給されていた方で、新たに子ども手当の対象となる子どもがいない場合には、申請する必要はありませんが、6月に現況届の提出が必要になります。)

(1) Kinakailangang mag-aplay upang makatanggap ng *kodomo teate*. Kailangang ibigay sa kinauukulang tanggapan sa munisipyo ng mga taong nais makatanggap ng *kodomo teate* ang application form na tinatawag na [*Kodomo Teate Nintei Seikyusho*], matapos isulat dito ang mga kailangang bagay. Matapos suriin ng munisipyo ang mga nakasulat na bagay, mabibigyan ng pinansyal na tulong kapag na-aprubahan.

A Ang [*Kodomo Teate Nintei Seikyusho*] ay makukuha sa mga tanggapang nakalaan para sa pagtanggap ng pag-aaplay para dito na nakasulat sa 4.

B Ang [*Kodomo Teate Nintei Seikyusho*] ay ipapadala sa inyo sa pamamagitan ng koreo. Kapag hindi nakarating sa inyo, maaaring makakuha sa mga tanggapang nakalaan para sa pagtanggap ng pag-aaplay para dito na nakasulat sa 4.

(Hindi na kailangang mag-aplay ang mga taong tumatanggap ng *jido teate* [pinansyal na tulong para sa mga batang ang magulang ay maliit ang kita] noong Marso 31, 2010, maliban na lamang kung nais makatanggap ng *kodomo teate* para sa bagong bata na tumutugon sa sistema, ngunit kailangang magbigay ng *genkyou todoke* [ulat ng kasalukuyang kalagayan] sa Hunyo.)

(2) 申請する時に「子ども手当認定請求書」と一緒に提出するもの

- 申請する人の外国人登録証の写し
- 申請する人の健康保険証（健康保険に入っている場合）の写し
- 振り込み先の預金通帳の写し（申請者本人の口座に限ります）
- その他、必要に応じて書類の提出を求められることがあります

(2) Mga dokumentong sabay ibibigay kasama ang [*Kodomo Teate Nintei Seikyusho*] sa oras ng pag-aplay

- Kopya ng Alien Card ng taong mag-aaplay

- Kopya ng Health Insurance Certificate (kapag kasapi ng isang health insurance) ng taong mag-aaplay
- Kopya ng libreta ng bankong huhulugan (kailangan ang account ay nakapangalan sa taong mag-aaplay)
- Iba pang mga dokumento, maaaring hilinging magbigay ng iba pang mga dokumento kung kailangan

(3) 海外にいる子どもの手当てを申請する方は、上記の書類に加えて、次の書類と確認が必要になります。

- 「日本国外に居住する子どもに係る監護及び生計に関する申立書」（申立書の様式は用意されています）
- 公的機関による出生証明書（申請者と子どもとの続柄が証明できるもの）
- 公的機関による居住証明書（来日前、子どもが申立書を提出する養育者と同居していたことを証明できるもの）
- 上記の申立書及び証明書には、日本に住む第三者による日本語の訳文をつける必要があります。
- 年に2回以上子どもと面会していることを確認できるパスポートの出入国記録
- 4か月に1度くらいの割合で、子どもの生活費や学資などを継続して送金していることを確認できる銀行の送金通知等

(3) Ang mga sumusunod na dokumento ay kailangang idagdag sa mga dokumentong nakasulat sa itaas ng mga mag-aaplay ng *teate* para sa batang nasa ibang bansa.

- [*Nippon-kokugai ni kyoju suru kodomo ni kakawaru kango oyobi seikei ni kansuru moshitate-sho*] (dokumento sa pag-ulat ng mga bagay tungkol sa pamamahala at pagbubuhay ng batang nakatira sa ibang bansa) (may papel na nakahanda para sa *moshitate-sho* na ito)
- Ospisyal na birth certificate (dokumentong makakapagpatunay ng kaugnayan ng nag-aaplay at ng bata)
- Opisyal na resident certificate (dokumentong makakapagpatunay na bago pumunta sa Japan, kasamang naninirahan ang bata at ang nagbigay ng *moshitate-sho* na taong nagpapalaki sa bata)
- Kailangan samahan ng salin sa wikang Hapon na gawa ng isang walang kaugnayang tao na nakatira sa Japan, ang nakasulat sa itaas na *moshitate-sho* at mga sertipiko.
- Tatak sa pasaporte na makakapagpatunay na sa loob ng isang taon ay dalawang beses o higit pa na binibisita ang bata
- Ang makakapagpatunay ng pagpapadala ng pera para sa pamumuhay at pag-aaral ng bata, sa dalas na mga isang beses bawat 4 na buwan, tulad ng resibo ng pagpapadala ng pera mula sa banko.

(4) 6月に支給を受けたい方は、○月△日までに申請をしてください。

(4) Ang nais makatanggap ng ibinibigay na pera sa buwan ng Hunyo ay kailangang mag-aaplay hanggang sa ○[=月名] △[=日付数字].

- (5) 2010 年については、9 月 30 日までに申請をすれば、4 月分からの支給が受けられます。
- (5) Sa taong 2010, kapag nag-aplay hanggang Setyembre 30, makakatanggap ng ibinibigay na pera mula Abril.
- (6) 4 月 1 日より後に子どもが生まれた方や、日本に来日した方は、申請月の翌月分から支給されますので、出生あるいは来日後速やかに申請してください。
- (6) Mabibigyan ng tulong na pera ang mga taong nanganak at ang mga pumarito sa Japan pagkatapos ng Abril 1, mula sa susunod na buwan matapos silang mag-aplay, kaya mag-aplay agad pagkatapos manganak o pagdating sa Japan.

3 お願い

3 Hinihiling

次のような場合には手続きが必要です

- ・住所が変わったとき（他の市区町村に転居した場合、新しい住所の市区町村で、改めて子ども手当の申請が必要です。）
- ・本人又は、対象のお子さんが出国するとき
- ・子どもを養育しなくなったとき
- ・子どもと別居するとき
- ・出生や死亡などで、子ども手当支給の対象となる子どもの数が変わったとき
- ・振込先の口座を変更するとき（新しい振込先は、申請者本人の口座に限ります。）

Kailangan ilakad ang mga dokumento sa mga sumusunod na kaso

- ・Kapag lumipat ng tirahan (Kapag lumipat ng tirahan sa ibang lugar, kailangan ilakad muli ang pag-aplay ng *kodomo teate* sa bagong lugar.)
- ・Kapag ang tumatanggap o kaya ang kinauukulang bata ay lumabas ng bansa
- ・Kapag hindi na sinusuporta ang bata
- ・Kapag nahiwalay ang tirahan ng bata
- ・Kapag nabago ang bilang ng batang tinutugunan ng *kodomo teate* dahil sa dahilang tulad ng panganganak o pagkamatay
- ・Kapag nabago ang account sa banko na padadalhan ng pera (Ang bagong account na padadalhan ng pera ay kailangan nakapangalan sa nag-aaplay na tao.)

4 問い合わせ先（申請窓口）

4 Maaaring mapagtatanganan (tanggapang nakalaan sa pagtanggap ng pag-aaplay)